OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 10-11-23 Time: 2:40

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-158

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 05, S-2023 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY BONGA MENOR, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG LAANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET NO. 1*) PARA SA TAONG 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG PITUMPU'T ISANG LIBO, WALONG DAAN TATLUMPU'T ISANG PISO AT APATNAPU'T TATLONG SENTIMO (₱71,831.43)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Barangay ng Bonga Menor, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng ₱71,831.43;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Bonga Menor at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Bonga Menor ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan;

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 05, S-2023 ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Bonga Menor, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (*Supplemental Budget No. 1*) para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng Pitumpu't Isang Isang Libo, Walong Daan Tatlumpu't Isang Piso at Apatnapu't Tatlong Sentimo (₱71,831.43).

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN
BAKURAN NG BAHAY PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN
044 761 0069 | 11thsbbustos@gmail.com | www.facebook.com/11thSangguniangBayanngBustos/

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-2 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa covered court ng Camachilihan, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Errick L. Perez**<br>Kasangguni |

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ▪ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-2 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim